# Pagkatapos humupa ang pag-uga

## Saan ka lilikas?

### Pag-iingat sa oras ng paglikas

- Patayin ang electric breaker at isara ang balbula ng gas.
- Maglakad kung lilikas at huwag gumamit ng sasakyan.
- Iwasang dumaan sa mga makikipot na daan, tabing ilog o bangin.
- Makipagtulungan para sa mga matatanda, may kapansanan, at mga sanggol.

**Mga kasuotan sa oras ng paglikas**




### Sa bahay

* Kung walang panganib ng sunog o pagbasak ng gusali sa iyong bahay o sa paligid, hindi kailangang lumikas.




→ Obserbahan ang sitwasyon. Makipagtulungan sa mga kapitbahay.

### Lugar ng pansamantalang paglika

Lugar ng pansamantalang paglikas upang obserbahan kung ligtas ang lugar sa paligid ng iyong bahay tulad ng malapit na park atbp.

* Unahing itakda ang lugar na malapit sa iyong bahay.

→ Hindi maaaring mamuhay sa sariling bahay

### Malawak na lugar na pagkukublihan

Lugar kung saan pwedeng tumuloy pansamantala ang mga tao sa takdang panahon kapag hindi pwedeng umuwi dahil sa pagbagsak ng bahay

→ Kailangang ang ispesyal na pagsasaalang-alang

### Pagkukublihan para sa mga taong kailangang ang ispesyal na pagsasaalang-alang

Pagkukublihan para sa mga taong kailangang ang ispesyal na pagsasaalang-alang tulad ng matatanda at may kapansanan

* Kumonsulta muna sa Evacuation shelter bago pumunta.

→ Nagkaroon ng malaking sunog

### Malawak na lugar na pagkukublihan

Pansamantalang pagkukublihan kapag nagkaroon ng malaking sunog

## Kumilos batay sa tumpak na impormasyon at makipagtulungan tayo!

### Pagkolekta ng tumpak na impormasyon



- Subukan kumolekta ng impormasyon tungkol sa tindi ng kalamidad, sitwasyon ng pinsala, impormasyon tungkol sa tsunami atbp mula sa TV, radyo, at internet.
- Kumpirmahin kung mayroong nasirang lugar, sunog, landslide sa iyong tahanan at sa paligid.

### Pakikipagtulungan sa mga kapitbahay

- Makipagtulungan at tumulong sa mga taong naghahanap ng pagsagip, o mga taong hindi kayang lumikas sa kanilang sarili tulad ng matatanda o may kapansanan.



**Sign language "Tulungan mo ako"**

Tapikin nang dalawang beses ang likod ng kamay na nakatayo ang hinlalaki gamit ang isa pang kamay.

### Kung nasa labas ka at maging mahirap ang pag-uwi sa bahay

- Manatili na lamang sa kinaroroonan tulad ng iyong opisina atbp.
  * Maunang ihanda ang sneakers,mapa at mga gamit para sa pagtira sa lugar ng trabaho atbp, at kung maglalakad pauwi kumpirmahin ang daanan.
- Kung kinakailangang umuwi, maglakad sa malawak na kalsada at makipagtulungan sa mga taong nasa paligid.

**Paggawa ng sistema ng suporta para sa taong nangangailangan ng tulong sa oras ng kalamidad**

Para sa mga taong mahirap lumikas sa sarili at nagnanais ng suporta tulad ng taong nasa nursing care level ng 3 at mas mataas o taong may kapansanan, naghahanda ng sistema ng pagsuporta sa paglikas nila sa local na komunidad.

Elderly and Disabled Support Division sa Ward Office ☎510-1768 fax 510-1897

Health and Welfare Division sa Ward Office ☎510-1826 fax 510-1792

## Paano malaman ang kaligtasan ng aking pamilya?

### Disaster Message Dial "171"

Magagamit ito bilang isang voice message board. Sundin ang gabay sa paggamit at i-rekord o i-play ang voice message. Maaaring magamit ang serbisyong ito mula sa mobile phone.

* Hindi kailangang ang naunang kontrata para sa serbisyong ito.
* Ang pagsisimula ng serbisyo at mga kondisyon tulad nang bilang ng record na maaaring maiwan ay itatakda ng NTT at ipapaalam sa TV at radyo.

### Mobile Phone, Disaster Board para sa oras ng sakuna

Bubuksan ito sa Website para sa mobile phone. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong mobile carrier.

### Disaster Broadband Message Board "web171"

Maaaring kumpirmahin ang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng tao.

# Paghahanda sa Tsunami

### Mga paunang hakbang na pwedeng gawin

- Kumpirmahin ang lokasyon ng mataas na lugar o gusaling maaangkop sa oras ng paglikas sa paligid ng bahay o lugar ng trabaho.
- Kumpirmahin ang oras na kakailanganin para sa paglikas.

### Paghahanda sa Tsunami

- Kapag naramdaman ang malaking pagyanig o narinig ang babala sa tsunami, lumikas kaagad.
- Lumikas sa mataas na lugar o mataas na palapag ng matibay na gusali.
  * Ang pagdating ng tsunami ay maaaring maulit ng ilang beses, kaya huwag lumapit sa baybayin hanggang mabago ang alarma.
  * May posibilidad na makakarating ang tsunami sa lupain na malayo sa baybain paakyat sa ilog.

### Impormasyon tungkol sa tsunami

- Mga gabay para sa paglikas mula sa tsunami

HP [Yokohama City tsunami evacuation] search

- **Evacuation advisory Evacuation order (emergency)**

| Klase ng Anunsyo para sa paglikas na ihahayag ng Yokohama city | Tsunami Forecast | Klase ng inaasahang taas ng tsunami na ihahayag | |
|---|---|---|---|
| | | Ihahayag gamit ang numero | Sa kaso ng malaking lindol |
| Evacuation advisory | Tsunami Warning | 3m | Mataas |
| Evacuation order (emergency) | Major Tsunami Warning | 5m | Malaki |
| | | 10m | |
| | | Mas mataas sa 10 m | |

## Information Corner kaugnay sa pag-iwas sa sakuna

### Yokohama City Disaster Prevention Information Email

Isinasagawa ang serbisyo na pagpapadala ng impormasyon kaugnay sa pag-iwas sa sakuna tulad ng impormasyon ng seismic intensity ng lindol, weather warning at advisory atbp sa pamamagitan ng e-mail.

[Paraan ng pagpaparehistro]

entry-yokohama@bousai-mail.jp Ipadala ang blank e-mail sa o, i padala ang e-mail mula sa 2D code sa kanan.

Yokohama City General Affairs Bureau, Crisis Management Office, Emergency Measures Division

☎671-3458 fax 641-1677

### Emergency alert email

Ipapadala ang impormasyon tungkol sa sakuna at paglikas sa mga lahat na mobile phone atbp. na nasa loob ng takdang lugar sa pamamagitan ng telecommunications carrier (hindi kailangan ang pagpaparehistro).

### Wai Wai Bosai Map (mapa para sa pagiwas sa kalamidad) (Para sa baha, landslide atbp.)

Nandito ang mga inaasahang iba' t ibang panganib sa oras ng pagkakaroon ng kalamidad at mga impormasyon para maging handa sa mga panganib.

HP [Yokohama City Administrative Map Information System] search